



Persepsyon sa Implementasyon ng mga Dulog Regional Memorandum 233 S. 2016 Ukol sa 2C-2I-1R Pamamaraan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino ng mga Guro sa Filipino ng Atimonan National Comprehensive High School Atimonan, Quezon Taong Panuruan 2022-2023

Kristine A. De La Cruz
Quezonian Educational College, Inc.
kristinedelacruz.0021@gmail.com

Petsa ng Pagsumite:

Hulyo 25, 2026

Petsa ng Pagtanggap:

Agosto 10, 2026

Petsa ng Paglathala:

Agosto 29, 2026

DOI:

10.5281/zenodo.22159311

Abstrak

Nilayon ng pag-aaral na matukoy ang persepsyon ng mga guro sa Filipino sa implementasyon ng mga dulog na itinakda sa Regional Memorandum 233 s. 2016 kaugnay ng 2C-2I-1R na pamamaraan sa pagtuturo sa Atimonan National Comprehensive High School, Atimonan, Quezon, taong panuruan 2022-2023. Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong pamamaraang sarbey at universal sampling sa lahat ng 12 guro sa Filipino, na binubuo ng 10 babae at 2 lalaki. Isang sinuring checklist na talatanungan ang ginamit upang makalap ang demograpikong datos at ang persepsyon sa konstruktibo, kolaboratibo, integratibo, inquiry-based, at replektibong dulog. Ginamit ang porsyento at weighted mean sa pagsusuri. Lahat ng

limang dulog ay nakakuha ng interpretasyong “Lubos na sumasang-ayon”: konstruktibo (3.77), kolaboratibo (3.75), integratibo (3.79), inquiry-based (3.81), at replektibo (3.83). Pinakamataas ang replektibong dulog, samantalang pinakamababa ang kolaboratibong dulog, bagaman nanatiling mataas ang pagsang-ayon dito. Ipinahihwatig ng mga resulta ang pangangailangang ipagpatuloy ang sistematikong paggamit ng 2C-2I-1R, palakasin ang suportang propesyonal at kagamitang panturo, at higit pang paunlarin ang kolaboratibong mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino.

Mga Susing Salita: *2C-2I-1R, dulog sa pagtuturo, pagtuturo ng Filipino, Regional Memorandum 233 s. 2016, persepsyon ng guro, pedagohiya*

INTRODUKSIYON

Ang epektibong pagtuturo ay hindi lamang nakasalalay sa lawak ng nilalaman na naihatid ng guro kundi sa paraan kung paano inaayos ang karanasan sa pagkatuto upang maging aktibo, makabuluhan, at angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa asignaturang Filipino, mahalaga ang pagpili ng mga dulog na nakapagpapalawak ng pag-unawa, nakapagpapasigla ng talakayan, at nakapagpapalakas ng kritikal na pag-iisip. Ang ganitong pananaw ay kaayon ng pagtingin sa pedagohiya bilang sistematikong pagpili at paggamit ng mga estratehiya na tumutugon sa paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral at sa layunin ng kurikulum (Herodotou et al., 2019).

Sa konteksto ng batayang edukasyon sa Pilipinas, itinataguyod ng Republic Act No. 10533 o Enhanced Basic Education Act of 2013 ang mga pamamaraang umaayon sa learner-centered at kontekstuwalisadong pagtuturo. Kaugnay nito, inilatag ng Regional Memorandum 233 s. 2016 ang paggamit ng 2C-2I-1R na binubuo ng Constructivist, Collaborative, Integrative, Inquiry-Based, at

Reflective approaches. Ang limang dulog ay naglalayong ilapit ang pagtuturo sa aktibong pagbuo ng kaalaman, pakikipagtulungan, integrasyon ng mga ideya, pagtatanong at pagsisiyasat, at pagninilay sa natutuhan at sa proseso ng pagtuturo (Department of Education–Schools Division Office of Dasmariñas City, 2016).

May partikular na kabuluhan ang mga dulog na ito sa pagtuturo ng Filipino sapagkat ang asignatura ay hindi lamang nakatuon sa balarila at pagbasa kundi sa pagpapalalim ng wika, kultura, komunikasyon, at pag-unawa sa karanasan ng mga mag-aaral (Reyno, 2018). Ipinakita rin ni Bagual (2021) na kailangan ng guro sa Wika at Panitikang Pilipino ang iba-ibang estratehiya upang mapanatiling makabuluhan ang pagkatuto sa nagbabagong konteksto ng edukasyon. Samakatuwid, ang kahandaan at kakayahan ng guro sa pagpili at aktuwal na paggamit ng mga angkop na dulog ay mahalagang bahagi ng kalidad ng talakayan at pagkatuto.

Ipinakikita ng mga naunang pag-aaral na ang kahandaan ng guro, suporta sa makabagong pamamaraan, at wastong paggamit ng mga estratehiya ay may kaugnayan sa mas malinaw at mas interaktibong proseso ng pagkatuto. Halimbawa, nakita nina Wang et al. (2018) ang kahalagahan ng pedagogical readiness sa pagpapatupad ng mga inobatibong gawaing pang-edukasyon, samantalang iniulat ni Benito (2023) na ang kahandaan ng mga guro sa Filipino ay may kinalaman sa kanilang kasanayang propesyonal at sa mga hamong kinakaharap sa pagtuturo. Sa lokal na konteksto ng 2C-2I-1R, ipinakita nina Luna at Bayas (2019) ang aktuwal na paggamit ng limang dulog sa pagtuturo ng pananaliksik sa agham.

Sa kabila ng mga pag-aaral tungkol sa indibidwal na dulog at sa kahandaan ng guro, mahalagang mailarawan kung paano nakikita ng mga guro sa Filipino ang implementasyon ng kabuuang 2C-2I-1R sa kanilang tiyak na konteksto. Dahil dito, sinuri ng pag-aaral ang demograpikong propayl ng mga guro sa Filipino sa Atimonan National Comprehensive High School at ang kanilang persepsyon sa implementasyon ng limang dulog. Tinukoy rin kung aling dulog ang may pinakamataas at pinakamababang kabuuang resulta upang makapagbigay ng batayan sa pagpapatuloy at pagpapalakas ng mga estratehiyang ginagamit sa pagtuturo ng Filipino.

Pagsusuri ng Kaugnay na Literatura

Pedagohiya at Makabuluhang Pagtuturo ng Filipino

Ang pedagohiya ay nagsisilbing ugnayan ng nilalaman, paraan ng pagtuturo, at karanasan ng mag-aaral. Binigyang-diin nina Herodotou et al. (2019) na ang mga inobatibong pedagohiya ay dapat nakaugnay sa ebidensiya ng bisa at sa paglinang ng mga kasanayang tulad ng kritikal na pag-iisip, paglutas ng suliranin, pakikipagtulungan, at kakayahang umangkop. Sa pagtuturo ng Filipino, ang ganitong pagtingin ay mahalaga sapagkat ang pagkatuto ng wika ay higit na nagiging makahulugan kapag nakakabit sa kultura, komunikasyon, at aktuwal na paggamit nito (Reyno, 2018). Ipinakita rin ni Bagual (2021) na ang pag-iiba-iba ng estratehiya sa Wika at Panitikang Pilipino ay nakatutulong upang matugunan ang nagbabagong pangangailangan ng mga mag-aaral.

Kasabay ng pagpili ng pedagohiya, mahalaga ang kahandaan ng guro na gamitin ang mga pamamaraan at kagamitang angkop sa klase. Natuklasan ni Benito (2023) na ang kahandaan ng mga gurong nagtuturo ng Filipino ay may kinalaman sa kanilang propesyonal na kasanayan at sa mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo. Sa ibang asignatura, ipinakita nina Husin et al. (2017) na ang konseptuwal na kaalaman, saloobin, kasanayan, at karanasan ng guro ay bahagi ng kahandaan sa paggamit ng makabagong

estrategiya, habang binigyang-diin nina Wang et al. (2018) na ang pedagogical readiness ay mahalaga sa matagumpay na pagpapatupad ng mga inobatibong gawaing pang-edukasyon.

Konstruktibo at Kolaboratibong Dulog

Ang konstruktibong dulog ay nakasentro sa aktibong pagbuo ng kaalaman mula sa dating karanasan, bagong impormasyon, at pagpoproseso ng mag-aaral. Sa ganitong paraan, ang guro ay lumilikha ng mga pagkakataong magtanong, mag-ugnay ng konsepto, at bumuo ng sariling paliwanag ang mag-aaral. Sa lokal na pag-aaral ni Gonzales (2023), binigyang-diin ang halaga ng interaktibong pangkatang gawain at mga kagamitang tulad ng KWL sa pag-alam at pagsukat ng dating at bagong kaalaman ng mga mag-aaral. Ang ganitong mga gawain ay kaayon ng layunin ng konstruktibong dulog na palawakin ang pag-unawa sa pamamagitan ng aktibong pagproseso ng karanasan.

Samantala, nakatuon ang kolaboratibong dulog sa pagkatuto sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan, pagbabahagi ng pananagutan, at sama-samang pagbuo ng kaalaman. Sa meta-analysis ni Kumar (2017), nakitang may positibong epekto ang collaborative learning sa student achievement sa iba-ibang antas at larangan. Ipinakita rin ni Villegas (2022) ang kahalagahan ng kolaboratibong pang-akademiko at ugnayang sosyal, habang ang mga estratehiyang gaya ng think-pair-share, peer teaching, at jigsaw ay lumilikha ng espasyo para sa aktibong talakayan. Sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, mahalagang matukoy kung gaano kalakas ang pagsang-ayon ng mga guro sa ganitong mga gawaing sama-sama.

Integratibong Dulog at Dulog Batay sa Pagtatanong

Ang integratibong dulog ay nagpapahintulot sa guro na pag-ugnayin ang nilalaman, kasanayan, karanasan, at iba pang larangan upang maging buo at kontekstuwal ang pagkatuto. Bagaman ibang antas ng edukasyon ang sinuri nina Porter at Phelps (2014), malinaw sa kanilang integrative approach ang diin sa pagsasanib ng pagkatuto at aplikasyong propesyonal sa halip na magkakahiwalay na kasanayan. Sa lokal na konteksto, iniulat ni Buendia (2024) ang pagiging epektibo ng integratibong dulog sa pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa pagsulat, kabilang ang paggamit ng content-based instruction at thematic teaching.

Ang inquiry-based approach naman ay nagsisimula sa tanong, pagsisiyasat, pagkalap ng impormasyon, at pagbuo ng paliwanag batay sa ebidensiya. Sa pag-aaral nina Avsec at Kocijancic (2016), ang inquiry-based learning ay inilalarawan bilang student-centered na pamamaraang gumagamit ng makabuluhang gawain, proyekto, at pananaliksik. Ang diin sa pagtatanong at ebidensiya ay kaayon din ng pananaw nina Herodotou et al. (2019) hinggil sa mga pedagohiyang nagpapalakas ng kritikal at mapanuring pagkatuto. Sa mismong 2C-2I-1R, ipinakita nina Luna at Bayas (2019) ang paggamit ng constructivist, collaborative, inquiry-based, integrative, at reflective approaches bilang magkakaugnay na estrategiya sa isang asignatura.

Replektibong Dulog at Propesyonal na Pagninilay

Ang replektibong dulog ay nakatuon sa muling pagtingin sa karanasan upang maunawaan kung ano ang natutuhan, paano ito natutuhan, at ano ang dapat baguhin sa susunod na pagkilos. Binigyang-diin ni Helyer (2015) na ang reflection ay nakatutulong sa paglalagay ng kahulugan sa karanasan at sa patuloy na personal at propesyonal na pagkatuto. Sa ganitong pananaw, ang repleksyon ay hindi lamang pagtatapos ng aralin; ito ay mekanismo para sa mas malalim na pag-unawa at patuloy na pagpapabuti.

Mahalaga rin ang repleksyon sa panig ng guro. Sa pag-aaral ni Kaung (2020), tinalakay ang reflective teaching practices bilang bahagi ng pag-unlad ng guro at ng pag-unawa sa epekto ng kaniyang

pagtuturo sa pagkatuto. Kaugnay nito, ang pagkuha ng puna, pagsusuri sa mga tugon at pagtataya ng mag-aaral, at pagbabago ng estratehiya ay nagbibigay sa guro ng batayan para sa susunod na pagtuturo. Dahil dito, ang mataas na pagpapahalaga sa replektibong dulog ay maaaring magpahiwatig ng malakas na oryentasyon sa feedback, pagsusuri, at pagpapahusay ng proseso ng pagtuturo.

Empirikal na Batayan sa Lokal na Konteksto

Ilang lokal na pag-aaral ang nagpapakita ng kabuluhan ng interaktibo at angkop na mga estratehiya sa pagtuturo. Natukoy ni Balunan (2022) ang gampanin ng motibasyon, dulog sa pagtuturo, pagtatanong, at malinaw na panuto sa pagkatuto ng mga mag-aaral, samantalang ipinakita ni Montejo (2023) ang potensiyal ng interaktibong teknik sa paglinang ng oral communication. Sa pag-aaral ni Gonzales (2023), ang pangkatang gawain at mga kagamitang panturo ay iniuugnay sa mas aktibong pakikilahok at pag-unawa. Ang mga natuklasang ito ay nagbibigay ng lokal na batayan kung bakit mahalagang tingnan ang limang dulog bilang magkakaugnay na bahagi ng pagtuturo.

Sa kabilang banda, ang pag-aaral nina Luna at Bayas (2019) ang direktang nag-uugnay sa 2C-2I-1R bilang set ng mga pedagogical approach na ipinapatupad sa ilalim ng mandato ng kurikulum. Gayunman, naiiba ang kasalukuyang pag-aaral sapagkat nakatuon ito sa persepsyon ng mga guro sa Filipino sa isang tiyak na pampublikong paaralan sa Atimonan, Quezon. Ang pagtuon sa limang dulog, kasama ang demograpikong katangian ng mga guro at ang paghahambing ng kabuuang weighted mean, ay nagbibigay ng lokalisadong larawan kung aling mga aspekto ng 2C-2I-1R ang pinakamatibay at kung alin ang higit pang nangangailangan ng pansin.




Figure 1. Batayang Konseptwal ng Pag-aaral

Ipinakikita sa batayang konseptwal ang ugnayan ng demograpikong propayl ng mga guro bilang malayang baryabol at ng kanilang persepsyon sa implementasyon ng limang dulong ng 2C-2I-1R bilang di-malayang baryabol. Pinanatili sa artikulo ang estruktura at mga baryabol ng orihinal na konseptwal na balangkas ng tesis.

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik upang ilarawan ang persepsyon ng mga guro sa Filipino sa implementasyon ng mga dulong na nakapaloob sa Regional Memorandum 233 s. 2016. Ang pangunahing datos ay nagmula sa sarbey na talatanungan, at ang mga tugon ay inayos at binigyang-kahulugan ayon sa mga layunin ng pag-aaral.

Lokal ng Pananaliksik

Isinagawa ang pag-aaral sa Atimonan National Comprehensive High School sa Atimonan, Quezon. Ang paaralan ang napiling luan sapagkat dito matatagpuan ang mga gurong Filipino na saklaw ng pag-aaral at dito sinusuri ang kanilang persepsyon sa paggamit ng 2C-2I-1R sa pagtuturo ng asignaturang Filipino noong taong panuruan 2022-2023.

Mga Tagatugon at Paraan ng Pagpili

Ang mga kalahok ay ang lahat ng 12 guro sa Filipino ng Atimonan National Comprehensive High School. Gumamit ng universal sampling sapagkat isinama ang buong pangkat ng mga gurong tumutugon sa itinakdang populasyon ng pag-aaral. Sa 12 kalahok, 10 (83%) ang babae at 2 (17%) ang lalaki.

Kasangkapan sa Pangangalap ng Datos

Gumamit ang mananaliksik ng sariling binuong checklist na talatanungan na dumaan sa ilang pagpapabuti at masusing pagsusuri ng research adviser at research director bago ipamahagi. Nahati ang instrumento sa dalawang pangunahing bahagi: (1) demograpikong propayl ng mga respondente batay sa edad, kasarian, posisyon, bilang ng taon sa serbisyo, at edukasyong natamo; at (2) mga pahayag tungkol sa persepsyon sa implementasyon ng konstruktibo, kolaboratibo, integratibo, inquiry-based, at replektibong dulong.

Paraan ng Pangangalap ng Datos

Naghanda ang mananaliksik ng sarbey na talatanungan at humingi ng pahintulot sa Punongguro IV ng paaralan, si Rene L. Portades, sa pamamagitan ng liham pahintulot. Matapos maaprubahan ang pagsasagawa ng pag-aaral, ipinamahagi ang mga talatanungan sa mga respondente at binigyan sila ng sapat na oras upang sagutan ang instrumento. Pagkatapos, kinolekta ang mga talatanungan at itinabyular ang mga tugon para sa pagsusuri at interpretasyon.

Pagsusuri ng Datos

Gumamit ng frequency at porsiyento upang ilarawan ang demograpikong propayl ng mga respondente at weighted mean upang suriin ang persepsyon sa bawat dulong. Ang interpretasyon ng weighted mean ay: 3.25-4.00 = Lubos na sumasang-ayon; 2.50-3.24 = Sumasang-ayon; 1.75-2.49 = Hindi sumasang-

ayon; at 1.00-1.74 = Lubos na hindi sumasang-ayon. Ginamit din ang ranggo upang matukoy ang pinakamataas at pinakamababang kabuuang resulta sa limang dulong.

Etikal na Konsiderasyon

Bago ang pangangalap ng datos, humingi ng pormal na pahintulot ang mananaliksik sa pamunuan ng paaralan. Sa panimulang bahagi ng talatanungan, tiniyak sa mga respondente na pananatilihang kompidensiyal ang kanilang mga sagot. Ang pag-uulat ng resulta sa artikulong ito ay nakatuon sa pinagsama-samang bilang, porsyento, at weighted mean at hindi naglalandad ng indibidwal na tugon ng mga kalahok.

MGA RESULTA AT DISKUSYON

Inayos ang mga resulta ayon sa dalawang pangunahing bahagi ng pag-aaral: una, ang demograpikong propayl ng 12 gurong Filipino; at ikalawa, ang kanilang persepsyon sa implementasyon ng limang dulong ng 2C-2I-1R. Ang mga orihinal na bilang, porsyento, weighted mean, interpretasyon, at ranggo mula sa tesis ang pinanatili sa paglalahad.

Demograpikong Profile ng mga Tagatugon

Talahanayan 1.

Demograpikong Profil ng mga Gurong Filipino (N = 12)

Baryabol	Kategorya	n	%
Edad	20–25	0	0%
	26–30	5	42%
	31–35	2	16%
	35 pataas	5	42%
Kasarian	Lalaki	2	17%
	Babae	10	83%
Posisyon	Guro I	5	42%
	Guro II	5	42%
	Guro III	2	16%
Taon sa Serbisyo	1–5	2	17%
	6–10	5	42%
	11–15	4	33%
	16 pataas	1	8%
Antas ng Edukasyon	BSED Filipino	6	50%
	BSED Filipino (may yunit sa masteral)	5	42%
	BSED Agriculture (may yunit sa BSED Filipino)	1	8%

Sa edad, walang respondente sa 20-25; lima (42%) ang nasa 26-30; dalawa (16%) ang nasa 31-35; at lima (42%) ang nasa kategoryang 35 pataas, ayon sa orihinal na pagkakategorya ng pag-aaral. Ipinakikita nito na magkapantay ang pinakamalaking bahagi ng mga guro sa 26-30 at 35 pataas. Sa kasarian, 10 (83%)

ang babae at 2 (17%) ang lalaki, kaya malinaw na mas marami ang babaeng guro sa Filipino sa pangkat na sinuri.

Sa posisyon, tig-limang guro (42%) ang Guro I at Guro II, samantalang dalawa (16%) ang Guro III. Sa haba ng serbisyo, pinakamalaki ang 6-10 taon na may limang respondente (42%), kasunod ang 11-15 taon na may apat (33%), 1-5 taon na may dalawa (17%), at 16 pataas na may isa (8%). Sa edukasyong natamo, anim (50%) ang BSED Filipino, lima (42%) ang BSED Filipino na may mga yunit sa masteral, at isa (8%) ang BSED Agriculture na may yunit sa BSED Filipino. Ipinakikita ng propayl na ang mga respondente ay may magkakaibang antas ng karanasan at paghahandang akademiko, isang kontekstong mahalaga sa pagbasa ng kanilang persepsyon sa pedagogical approaches. Ang kabuluhan ng kahandaan at karanasan ng guro sa paggamit ng mga makabagong estratehiya ay kapansin-pansin din sa mga pag-aaral nina Husin et al. (2017) at Wang et al. (2018).

Persepsyon sa Implementasyon ng 2C-2I-1R

Talahanayan 2.

Kabuuang Weighted Mean at Ranggo ng Limang Dulog

Dulog	Weighted Mean	Interpretasyon	Ranggo
Konstruktibong Dulog (Constructivist Approach)	3.77	Lubos na sumasang-ayon	4
Kolaboratibong Dulog (Collaborative Approach)	3.75	Lubos na sumasang-ayon	5
Integratibong Dulog (Integrative Approach)	3.79	Lubos na sumasang-ayon	3
Dulog Batay sa Pagtatanong (Inquiry-Based Approach)	3.81	Lubos na sumasang-ayon	2
Replektibong Dulog (Reflective Approach)	3.83	Lubos na sumasang-ayon	1

Konstruktibong Dulog

Nakakuha ang konstruktibong dulog ng kabuuang weighted mean na 3.77, na may interpretasyong “Lubos na sumasang-ayon” at ranggong ikaapat. Sa mga pahayag sa orihinal na talahanayan, mataas ang pagsang-ayon sa paggamit ng pagtatanong, paglikha ng produkto mula sa natutuhan, makabuluhang talakayan, bagong estratehiya, mind maps, KWL chart, at iba pang gawaing nagpapagana sa kritikal na pag-iisip. Ipinahihiwatig nito na nakikita ng mga guro ang konstruktibong dulog bilang paraan upang palawakin ang perspektibo ng mag-aaral at gawing mas aktibo ang pagbuo ng kahulugan. Ang diin sa pag-uugnay ng dating at bagong kaalaman at paggamit ng mga kagamitang gaya ng KWL ay umaayon sa lokal na obserbasyon ni Gonzales (2023) tungkol sa interaktibong materyales at pagtataya ng kaalaman.

Kolaboratibong Dulog

Ang kolaboratibong dulog ay may kabuuang weighted mean na 3.75, “Lubos na sumasang-ayon,” at ranggong ikalima. Bagaman ito ang pinakamababa sa limang dulog, nanatiling nasa pinakamataas na

antas ng interpretasyon ang kabuuang tugon. Binibigyang-diin ng mga pahayag ang interaksyon, palitan ng kaalaman, think-pair-share, peer teaching, jigsaw, integrative process approach, at mga larong panggrupo. Ipinakikita nito na kinikilala ng mga guro ang halaga ng sama-samang pagkatuto, ngunit ito rin ang dulog na may pinakamalaking puwang para sa higit pang pagpapalakas kumpara sa iba pang dimensiyon. Ang positibong papel ng collaborative learning sa pakikilahok at achievement ay sinusupportahan ng meta-analysis ni Kumar (2017) at ng lokal na pag-aaral ni Villegas (2022).

Integratibong Dulog

Nakakuha ang integratibong dulog ng kabuuang weighted mean na 3.79, “Lubos na sumasang-ayon,” at ranggong ikatlo. Kabilang sa mga binigyang-diin ng mga respondente ang content-based activity, brainstorming, graphic organizer, paggamit ng babasahin at video presentation, role playing, 4A’s activity, Socratic method, at iba pang paraan ng pag-uugnay ng nilalaman at karanasan. Ipinahihiwatig nito na nakikita ng mga guro ang integrasyon bilang paraan upang gawing mas malinaw at kontekstuwal ang paksa at upang maiugnay ang Filipino sa ibang kaalaman at pagpapahalaga. Kaayon ito ng ulat ni Buendia (2024) sa pagiging kapaki-pakinabang ng integratibong dulog, lalo na sa content-based at thematic na pagtuturo.

Dulog Batay sa Pagtatanong

Ang inquiry-based approach ay may kabuuang weighted mean na 3.81, “Lubos na sumasang-ayon,” at ranggong ikalawa. Mataas ang pagsang-ayon sa mga gawaing gumagamit ng pananaliksik, modelo, pagkolekta ng datos, pagtatanong, field study, internet at aklat, project work, paunang pagsusulit, at pagsusuri ng datos. Ipinakikita ng resulta na mahalagang bahagi ng pagtuturo ng Filipino ang pagbuo ng tanong at aktibong paghahanap ng impormasyon bilang batayan ng pag-unawa. Umaayon ito sa paglalarawan nina Avsec at Kocijancic (2016) sa inquiry-based learning bilang student-centered na proseso na nakasandig sa makabuluhang gawain, proyekto, at pananaliksik.

Replektibong Dulog

Pinakamataas ang replektibong dulog na may kabuuang weighted mean na 3.83, “Lubos na sumasang-ayon,” at ranggong una. Kabilang sa pinakamatitibay na pahayag ang kakayahan ng mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang perspektibo, makabuo ng konklusyon, gumamit ng ebalwasyon, at magbigay ng makabuluhang feedback; kasama rin dito ang pagsusuri ng guro sa sariling kakulangan at posibleng pagbabago sa pagtuturo. Ang resultang ito ay nagpapakita na ang repleksyon ay sentral sa pag-unawa sa natutuhan at sa pag-aayos ng susunod na hakbang sa pagtuturo. Ang ganitong gamit ng repleksyon bilang mekanismo ng malalim at patuloy na pagkatuto ay kaayon ng Helyer (2015) at ng pag-aaral ni Kaung (2020) tungkol sa reflective teaching practices.

Sa kabuuan, lahat ng limang dulog ay nasa interpretasyong “Lubos na sumasang-ayon,” na nagpapakita ng pare-parehong mataas na persepsyon sa kanilang implementasyon. Ang pagitan ng pinakamataas na replektibong dulog (3.83) at pinakamababang kolaboratibong dulog (3.75) ay maliit, kaya hindi dapat ituring na hindi ginagamit o hindi pinahahalagahan ang kolaboratibong pamamaraan. Sa halip, ang ranggo ay nagbibigay ng praktikal na direksiyon: panatilihin ang malakas na replektibo at inquiry-based na gawain habang higit na pinayayaman ang mga pagkakataon para sa structured collaboration. Ang ganitong balanseng paggamit ng limang dulog ay umaayon sa lohika ng 2C-2I-1R bilang magkakaugnay na pedagogical approaches, gaya ng ipinakita nina Luna at Bayas (2019).

KONGKLUSYON

Batay sa resulta, ang mga guro sa Filipino ng Atimonan National Comprehensive High School ay nagpakita ng mataas na antas ng pagsang-ayon sa implementasyon ng lahat ng limang dulog ng 2C-2I-1R. Ang konstruktibong dulog ay nakaugnay sa kritikal na pag-iisip at makabuluhang talakayan; ang kolaboratibong dulog sa interaksyon at pagbabahagi ng kaalaman; ang integratibong dulog sa pag-uugnay ng nilalaman at konteksto; ang inquiry-based approach sa pagtatanong, pananaliksik, at pagsusuri ng impormasyon; at ang replektibong dulog sa pagbuo ng pananaw, ebalwasyon, at feedback.

Pinakamataas ang replektibong dulog (3.83), kasunod ang inquiry-based (3.81), integratibo (3.79), konstruktibo (3.77), at kolaboratibo (3.75). Bagaman pinakamababa ang kolaboratibong dulog, nanatili itong nasa interpretasyong “Lubos na sumasang-ayon.” Samakatuwid, ipinakikita ng datos na malawak ang positibong persepsyon sa limang dulog at na ang repleksyon ang pinakamatibay na dimensiyon sa konteksto ng mga respondente, habang ang kolaboratibong aspekto ang may pinakamalinaw na oportunidad para sa higit pang pagpapatibay.

Ang ambag ng pag-aaral ay ang pagbibigay ng lokalisdong paglalarawan sa implementasyon ng 2C-2I-1R sa pagtuturo ng Filipino mula mismo sa pananaw ng mga gurong nagpapatupad nito. Maaari itong magsilbing batayan sa pagplano ng suportang propesyonal, pagpili ng kagamitang panturo, at pagpapatuloy ng mga estratehiyang higit na nagtataguyod ng aktibo, mapanuri, at replektibong pagkatuto.

Reskomendasyon

Para sa mga namumuno ng paaralan, ipagpatuloy ang mentoring, seminar, at workshop na nakatuon sa paggamit ng 2C-2I-1R at tiyakin ang suportang kagamitan tulad ng maaasahang internet at mga kagamitang multimedia. Mainam ding patuloy na masubaybayan kung paano naisasama ang limang dulog sa mga banghay-aralin at aktuwal na gawaing pampagkatuto.

Para sa mga guro sa Filipino, panatilihin ang malakas na paggamit ng replektibo, inquiry-based, integratibo, at konstruktibong mga gawain, habang higit na pinauunlad ang kolaboratibong dulog sa pamamagitan ng think-pair-share, peer teaching, jigsaw, at iba pang estrukturadong pangkatang gawain. Ang mga pagtataya at repleksyon ay dapat patuloy na gamitin upang makita ang natutuhan ng mga mag-aaral at matukoy kung aling bahagi ng pagtuturo ang kailangang baguhin.

Para sa mga magulang at mag-aaral, mahalagang suportahan ang aktibong pakikilahok sa mga talakayan at gawaing kolaboratibo. Ang pakikipag-ugnayan ng magulang sa guro at ang responsableng pakikibahagi ng mag-aaral sa pangkatang gawain ay makatutulong upang higit na mapakinabangan ang mga estratehiyang inilalapat sa asignaturang Filipino.

Para sa mga susunod na mananaliksik, maaaring gamitin ang pag-aaral bilang sanggunian sa pagsasagawa ng kaugnay na pananaliksik tungkol sa persepsyon at implementasyon ng mga dulog sa pagtuturo. Hinihikayat ang patuloy na pagsusuri ng 2C-2I-1R sa iba pang konteksto upang mapalawak ang kaalaman hinggil sa paggamit ng mga pedagogical approaches sa iba’t ibang asignatura at pangkat ng guro.

**SANGGUNIAN**

- Avsec, S., & Kocijancic, S. (2016). A path model of effective technology-intensive inquiry-based learning. *Educational Technology & Society*, 19(1), 308–320. [suspicious link removed]
- Bagual, D. M. (2021). *Mga estratehiya sa pagtuturo ng wika at panitikang Pilipino sa panahon ng pandemya*. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/356960281_Mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wika_at_Panitikang_Pilipino_sa_Panahon_ng_Pandemya
- Balunan, J. (2022). *The impact of the teacher's performance on the learning outcomes as perceived by the Grade 10 students of Quezonian Educational College, Inc. S.Y. 2021–2022* [Unpublished undergraduate thesis]. Quezonian Educational College, Inc.
- Benito, J. J. L. (2023). Kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya. *Global Scientific Journal*, 11(2), 2842–2890. http://www.globalscientificjournal.com/researchpaper/Kahandaan_ng_Guro_sa_Pagtuturo_ng_Asignaturang_Filipino_sa_Antas_Sekondarya.pdf
- Buendia, B. (2024). Integratibong dulong sa pagtuturo at antas ng pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa pagsulat. *Instabright Gazette*. <https://www.instabrightgazette.com/blog/integratibong-dulong-sa-pagtuturo-at-antas-ng-pag-unawa-sa-pagbasa-at>
- Department of Education–Schools Division Office of Dasmariñas City. (2016). *Implementation of the pedagogical approaches mandated by R.A. 10533*. <https://depeddasma.edu.ph/um-implementation-of-the-pedagogical-approaches-mandated-by-r-a-10533>
- Gonzales, A. (2023). *Perceived effectiveness of differentiated instructional materials in increasing the learning ability of the Grade 7 students of Butanguiad National High School, San Francisco, Quezon, S.Y. 2022–2023* [Unpublished undergraduate thesis]. Quezonian Educational College, Inc.
- Helyer, R. (2015). Learning through reflection: The critical role of reflection in work-based learning (WBL). *Journal of Work-Applied Management*, 7(1), 15–27. <https://doi.org/10.1108/JWAM-10-2015-003>
- Herodotou, C., Sharples, M., Gaved, M., Kukulska-Hulme, A., Rienties, B., Scanlon, E., & Whitelock, D. (2019). Innovative pedagogies of the future: An evidence-based selection. *Frontiers in Education*, 4, Article 113. <https://doi.org/10.3389/feduc.2019.00113>
- Husin, M., Awang, M. M., & Ahmad, A. (2017). Teacher readiness in teaching and learning history process through i-Think mind maps. *Yupa: Historical Studies Journal*, 1(2), 183–198. <https://doi.org/10.26523/yupa.v1i2.66>
- Kaung, P. P. (2020). *A study of teachers' reflective teaching practices on students' academic achievement in Myanmar* [Master's thesis, KDI School of Public Policy and Management]. KDI School Repository. <https://archives.kdischool.ac.kr/bitstream/11125/34411/1/A%20Study%20of%20teachers%27%20reflective%20teaching%20practices%20on%20students%20academic%20achievement%20in%20Myanmar.pdf>



- Kumar, R. (2017). *The effect of collaborative learning on enhancing student achievement: A meta-analysis* [Master's thesis, Concordia University]. Spectrum Research Repository. <https://spectrum.library.concordia.ca/id/eprint/982327/>
- Luna, C., & Bayas, J. C. (2019). The utilization of 2C–2I–1R pedagogical approaches and strategies in teaching Science Research II in the Governor Ferrer Memorial National High School–Main. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(5). <https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/2902>
- Montejo, L. M. (2023). *Perceived effectiveness of interactive techniques in enhancing the English oral communication skills of the Grade 10 students, Section Banaba, of Butanguiad National High School S.Y. 2022–2023* [Unpublished undergraduate thesis]. Quezonian Educational College, Inc.
- Porter, S. D., & Phelps, J. M. (2014). Beyond skills: An integrative approach to doctoral student preparation for diverse careers. *Canadian Journal of Higher Education*, 44(3), 54–67. <https://doi.org/10.47678/cjhe.v44i3.186038>
- Reyno, D. (2018, August 14). *Ang kahalagahan ng pagtuturo ng wikang Filipino sa mga bata*. Ateneo de Manila University Grade School. <https://www.ateneo.edu/grade-school/news/features/ang-kahalagahan-ng-pagtuturo-ng-wikang-filipino-sa-mga-bata>
- Villegas, R. C. (2022). Pagkatuto ng mga mag-aaral kaugnay ng kolaboratibong pang-akademiko at ugnayang sosyal. *Journal of Intellectual Property and Human Rights*, 1(2), 19–28. <http://journals.academiczone.net/index.php/jiphr/article/view/40>
- Wang, Z., Utemov, V. V., Krivonozhkina, E. G., Liu, G., & Galushkin, A. A. (2018). Pedagogical readiness of mathematics teachers to implement innovative forms of educational activities. *Eurasia Journal of Mathematics, Science and Technology Education*, 14(1), 543–552. <https://doi.org/10.12973/ejmste/80613>